International Multilingual Journal of Science and Technology (IMJST)
ISSN: 2528-9810
Vol. 9 Issue 11, November - 2024

# Buhay-Kultural Ng Mga Baclayonon Sa Mga Piling Alamat

## *(The Cultural Life Of Baclayonon In Selected Legends)*

**Girlie L. Valeroso, EdD**
Associate Professor[1]
Bohol Island State University Main Campus, Bohol Philippines
girlie.valeroso@bisu.edu.ph

***Abstract–This research focuses on the analysis of selected legends of Baclayon. The study aims to collect oral literature from the Boholanos, specifically legends (etiological and non-etiological) that remain prevalent in the municipality of Baclayon, Bohol. This study seeks to determine the themes, beliefs, practices, and responses related to the legends. The research employed a descriptive-qualitative method, utilizing questionnaires to gather data. Fifty informants from Baclayon were selected through snowball sampling, based on predetermined criteria. The analysis of the selected legends of Baclayon revealed the following findings: the theme reflected in the legends of Ka Bida, Kangkarmel, and Awag is "Kindness should not be abused."; the legend of Laya conveys the theme of goodwill and harmonious relationships; the legend of Montaña highlights the theme "Hard work is the key to success." The study found that each legend embodies distinct beliefs and practices, and the responses of Baclayon residents to the legends showed minimal differences. Based on the results of the study, it was concluded that the legends of Baclayon encapsulate the beliefs and practices of its people. These legends have left a lasting legacy, are valued as a part of their historical heritage, and serve as a guide for a brighter future.***

***Keywords—cultural life, practices, beliefs, themes***

ABSTRAK

*Ang pananaliksik na ito ay natutungkol sa pagsusuri sa mga piling alamat ng Baclayon. Nilayon ng pag-aaral na ito na makalikom ng oral na panitikan ng mga Bol-anon na binubuo ng mga alamat (etyolohikal at di-etyolohikal) na laganap pa rin sa lungsod ng Baclayon, Bohol. Titiyakin sa pag-aaral na ito ang tema, paniniwala, gawi at tugon sa mga alamat. Ito ay ginamitan ng pamamaraang deskriptib-kwalitatib na gumamit ng talatanungan sa pagkalap ng mga datos. Limampung impormate sa lungsod ng Baclayon ang pinili sa pamamagitan ng "snowball sampling" kung saan ito may itinakdang krayterya. Sa pagsusuring ginawa sa mga piling alamat ng Baclayon, natuklasan ang mga sumusunod: Ang temang masasalamin sa alamat ng Ka Bida, Kangkarmel at Awag ay ang "Ang kagandahang-loob ay hindi dapat inaabuso". Ang alamat ng Laya naman ay may temang mabuting pakikipagkapwa. at ang Montaña ay may temang "Ang kasipagan ang susi ng tagumpay". Sa pagsusuri ng mga piling alamat ng Baclayon, natuklasan na may mga paniniwala at gawi na nasasalamin sa bawat alamat. Samantala, walang gaanong pagkakaiba ang mga naging tugon ng mga mamamayan ng Baclayon sa mga piling alamat. Batay sa naging resulta ng pag-aaral, nabuo ang nasabing konklusyon. Ang mga alamat ng Baclayon ay kinapapalooban ng mga paniniwala at gawi ng mga mamamayan. Ito ay may naiwang bakas para sa mga tao na kanilang binibigyang-halaga, naging bahagi ng nakalipas na panahon at nagsisilbing gabay sa magandang bukas na kanilang tatahakin.*

***Susing-salita**: buhay-kultural, gawi, paniniwala, tema*

## I. INTRODUCTION

Ang panitikan ay isang naiibang karanasan ng tao. Ibinabahagi ni ang mga totoong pangyayari sa lipunan kasali ditto ang mga imahinasyon ng tao na bunga ng kanyang malikhaing pag-iisip.Inilalantad nito ang mga katotohanang panlipunan maging ang mga guniguning likhang-isip lamang. Pinapagana nito ang sensorya ng tao, ang paningin, pandinig, pang-amoy, panlasa, at pandama. Hinahaplos nito ang ating mga sensorya-ang paningin, pandinig, pang-amoy, panlasa at pandama. Sinasalat nito ang ating malikhaing-guni-guni at maging ang pintig ng dibdib. Ginigising nito ang mahimbing na kabatiran.Ang lahat ng ito ay naipababatid ng panitikan sa pamamagitan ng mga simpleng salitang buhay na dumadaloy sa ating katawan, talino at pag-iisip (Villafuerte et al., 2000).

Mayaman ang Pilipinas sa sari-saring anyo at hubog ng panitikan na naglalarawan sa kalinangan ng mga Pilipino. Kabilang sa mga ito ang kuwentong-bayan, maikling kuwento o maikling katha, sanaysay, tula, dula, nobela, drama, balagtasan, parabula, bugtong, salawikain, kasabihan, pabula, alamat, tanaga, bulong, awiting-bayan, epiko, pelikula, at mga iskrip na panradyo, pangtelebisyon at pampelikula.

Sa pag-usad at paglipas ng panahon, halos lahat ng bagay sa mundo ay nagbabago. May nawawala at may nadaragdag. Ang pangyayaring ito ay siya ring nangyayari sa ating panitikan na kung hindi man mawawala ay tila naman nababaliwala.

Masakit mang isipin ngunit sa paglitaw ng bagong anyo ng panitikan, katulad ng tradisyunal at kontemporaryo, natatabunan at nakakalimutan na naman ang ibang anyo nito. Ang masaklap pa kung minsan, yaong mga sinauna at katutubong akda ang siyang natatabunan. Ang pangyayaring ito ay nakapagdudulot ng pagkabahala sapagkat ang mga sinaunang akdang ito ay maaaring maging daan upang malaman natin ang pinagmulan ng mga bagay-bagay, mga pangyayari, maging ng mga kaugalian, tradisyon at mga pagpapahalagang Pilipino.

Ang pananaliksik na ito ay nakaangkla sa teoryang relatibismo sa kultura (cultural relativism) ni Franz Boas (1887), ito ay ang pananaw na ang lahat ng paniniwala, kaugalian at gawi ay nakadepende sa kulturang ginagalawan ng tao [1]. Sa ibang salita, ang mali at tama ay depende sa kultura; ang itinuturing na moral o mabuti sa isang kultura ay maaaring ituring na masama o imoral sa isang kultura, at dahil walang pangkalahatang pamantayan ng moralidad ang umiiral, walang karapatan ang sinuman na husgahan ang kaugalian ng isang sosyedad. Ibig sabihin ano mang nangingibabaw na kultura sa isang lahi ito ay bunga ng kanilang nakatagong panitikan.

Napasyahang tuklasin at alamin ng mananaliksik ang mga nakatagong alamat sa lungsod ng Baclayon, Bohol. Ninais ng mananaliksik na matiyak ang mga oral na panitikan na matatagpuan sa nasabing lugar.

## II. RESESARCH OBJECTIVES

Ang layunin ng pananaliksik na ito ay ang makalikom ng oral na panitikan ng mga Bol-anon na binubuo ng mga alamat (etyolohikal at di-etyolohikal) sa lungsod ng Baclayon, Bohol. Tiniyak na masagot ang sumusunod: tema; paniniwala; gawi; at tugon.

## III. RESEARCH METHODOLOGY

Layunin ng pananaliksik na ito ang masuri ang mga alamat nan. Ito ay ginamitan ng desinyong kwalitatibong-pagsusuring pangnilalaman na pamamaraan. Ang kwalitatibong-pagsusuring pangnilalaman ay isang metodong pamamaraan ng pananaliksik para sa subhetibong interpretasyon sa nilalaman ng isang teksto sa pamamagitan ng sistematikong proseso ng pag-uuri, pagkokoda at pag-alam sa tema at mensaheng nakapaloob. Ito ay isasagawa sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga alamat na nakalap batay sa suliraning inilahad. Ang mga natipong mga alamat ang ginamit upang maisagawa ang kritikal na pagsusuri sa mga datos ng pag-aaral.

## RESEARCH INSTRUMENT

Ang pananaliksik ay gumamit ng talatanungan. Ang talatanungan ay sariling gawa ng mananaliksik at ito ay binubuo ng limang katanungan na nakapokus sa alamat. Ang mga datos na nakuha ay batay sa panayam na isinagawa ng mananaliksik gamit ang inihandang mga katanungan. Ang mga nalikom na alamat sa lungsod ng Baclayon ay sinuri.

## IV. DISCUSSION

### Tema

Ang isang tema ay ang pinakasento ng isang akda o mapag-isang diwa (J.T. Bushnell, 2023) [2]. Ito ang pangkalahatang konsepto na nais ipahayahg sa akda upang maintindihan ng mga mambabasa. Maaring ito ay tumutukoy sa aral o kaisipan na nakapaloob sa isang alamat. Mahalagang malaman ang tema sa isang akda upang maunawaan ang isang akda.

| Alamat | Tema |
|---|---|
| 1. Ka Bida | Ang kagandahang-loob ay hindi dapat inaabuso |
| 2. Ang Kweba ng Kangkarmel | Ang kagandahang-loob ay hindi dapat inaabuso |
| 3. Laya | Mabuting Pakikipagkapwa |
| 4. Montaña | Ang kasipagan ang susi ng tagumpay |
| 5. Awag | Ang kagandahang-loob ay hindi dapat inaabuso |

Makikita sa talahanayan 1 ang temang sumasalamin sa alamat ng Ka Bida, Ang Kweba ng Kangkarmel at Alamat ng Awag ay temang “Ang kagandahang-loob ay hindi dapat inaabuso” na may 34 na puntos na nasa unang ranggo. Ang kagandahang-loob ay isang mahalagang konsepto sa kulturang Pilipino. Madalas itong ginagamit upang ilarawan ang isang taong nagpapakita ng kabutihan sa kapwa, ang pagnanais sa puso at isipan na maging masaya ang iba. Kinakailangan itong taglayin ng tao upang makapamuhay ng panatag at matiwasay. Ang pagiging mabuti ay umaani ng kabutihan at pagmamahal mula sa kapwa.

Ang alamat ng Laya naman ay may temang “Mabuting pakikipagkapwa”. Ibig sabihin ang mga taga-Laya ay nagtataglay ng katangiang mabuting pakikipagkapwa. Ang mabuting pakikipagkapwa ay ang paraan ng pakikisalamuha sa ibang tao nang may buong paggalang at walang halong pagkukunwari.

Ang alamat ng Montaña ay kakikitaan ng temang ang kasipagan ang susi ng tagumpay. Nangangahulugan itong ang taga-Montaña Ang kasipagan ay ang tumutulong sa isang tao upang mapaunlad niya ang kanyang pagkatao. Nagagamit niya ito sa mabuting pakikipagrelasyon niya sa kanyang kapwa at mula sa kasipagan na taglay niya ay makatutulong ito na mapaunlad ang bansa at lipunan na kanyang kinabibilangan.

Sumasang-ayon ito sa sinabi ni Reyes (2002), na ang tema ay tumutukoy sa nilalaman o kung saan tungkol o hango ang isang akda [3]. Ito rin ang pangkalahatang kaisipan na nais palutangin sa akda upang mas maintindihan ito ng mga mambabasa. Ang mga alamat ng Baclyon ay kinapapalooban ng iba’t ibang tema na nagging sandigan nila sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay at pakikipagkapwa.

**Paniniwala**

Ang paniniwala ay isang bagay na pinaniniwalaan at tinatanggap ng tao bilang totoo na ginagamit niyang gabay sa araw-araw na pakikipagsapalaran (Haas, 2011) [4]. Maaaring pinaniniwalaan ng tao ang isang bagay batay sa isang katotohanan, isang opinyon o isang palagay. Kapag naniniwala ang tao sa isang bagay na maaaring wala siyang agarang personal na kaalaman at karansana ngunit kanya itong tinanggap at pinaniniwalaan. Makikita sa talahanayan 2 ang mga paniniwalang napapaloob sa mga alamat ng Baclayon.

| ALAMAT | PANINIWALA |
|---|---|
| Ka Bida | • Kapag gabi ay hindi na pwedeng maglaro sa labas dahil kukunin ng mga engkanto nasa kweba.<br>• Kapag gabi na hindi na pwedeng maglaro ng bugtong dahil ikaw ay biglang mawawala at itatago ka ng mga engkantong nasa kweba. |
| Ang Kweba ng Kangkarmel | • Bawal mag-ingay sa tapat kweba ng kweba dahil may engkantong nakatira at kapag nag-ingay ka ay mamamaga ang iyong mga labi.<br>• Sa pagpasok sa kwebang ito ay kailangang sabihin ang “tabi po” bilang respeto sa mga nakatira.<br>• Bawal apakan ang mga bato sa loob ng kweba para hindi mamamaga ang iyong paa dahil may nakatirang dewende sa mga bato. |
| Laya | • Kapag gusto mong magtanim ng kahit na ano kailangan mo munang tingnan o alamin kung malaki ba ang buwan upang makaani ng marami.<br>• Kapag dumadaan sa malaking kahoy ay sinasabing “padaan po” o “tabi po”.<br>• Magbigay-galang sa mga nakatirang engkanto sa malalaking kahoy.<br>• Kapag may nakasalubong na tao sa gabi ay kailangan itong unahan sa pagbati ng “magandang gabi” para kapag ito ay hindi |

| | |
|---|---|
| | katulad nating tao ay maunahan natin ito at mapigilan ang masamang balak.<br>• Bago putulin ang malalaking kahoy ay kailangan munang magpaalam sa mga nakatirang engkanto upang makalipat sila ng tirahan at walang mangyayaring masama sa mga taong pumutol sa nasabing kahoy. |
| Montaña | • bago pumunta sa dagat para mangisda ay kailangan munang gumawa ng isang ritwal upang makahuli ng maraming isda.<br>• kapag pumapalaot kailangang gawin ang “sign of the cross” upang gabayan ng Panginoon sa pangingisda<br>• magpaalam sa dagat kapag nangingisda upang makakuha ng maraming isda. |
| Awag | • kapag pumupunta sa kweba ay sinasabing “tabi po”.<br>• kapag may ililibing at nakalabas na ng bahay ang kabaong sa bahay ay kailangan na may babasaging pinggan, ang binasag na pinggan ay babaunin nito sa kanyang libingan. |

Makikita sa talahanayan 2 ang mga paniniwala na msasalamin sa alamat. Ang alamat ng Ka Bida ay mayroong tatlong paniniwala: (1) kapag gabi ay hindi na pwedeng maglaro sa labas dahil kukunin ng mga engkanto nasa kweba; (2) kapag gabi na hindi na pwedeng maglaro ng bugtong dahil ikaw ay biglang mawawala at itatago ka ng mga engkantong nasa kweba; at (3) bawal mag-ingay sa tapat kweba ng kweba dahil may engkantong nakatira at kapag nag-ingay ka ay mamamaga ang iyong mga labi.

Ang mga paniniwala naming na nakapaloob sa alamat ng Ang Kweba ng Kangkarmel ay ang mga sumusunod:(1) sa pagpasok sa kwebang ito ay kailangang sabihin ang “tabi po” bilang respeto sa mga nakatira; (2) bawal apakan ang mga bato sa loob ng kweba para hindi mamamaga ang iyong paa dahil may nakatirang dewende sa mga bato; at (3) kapag gusto mong magtanim ng kahit na ano kailangan mo munang tingnan o alamin kung malaki ba ang buwan upang makaani ng marami.

Sa alamat ng Laya naman ang mga paniniwalang masasalamin dito ay: (1) kapag dumadaan sa malaking kahoy ay sinasabing “padaan po” o “tabi po”; (2) magbigay-galang sa mga nakatirang engkanto sa malalaking kahoy; (3) kapag may nakasalubong na tao sa gabi ay kailangan itong unahan sa pagbati ng “magandang gabi” para kapag ito ay hindi katulad nating tao ay maunahan natin ito at mapigilan ang masamang balak; at (4) bago putulin ang malalaking kahoy ay kailangan munang magpaalam sa mga nakatirang engkanto upang makalipat sila ng tirahan at walang mangyayaring masama sa mga taong pumutol sa nasabing kahoy.

Makikita naman ang mga paniniwala na nakapaloob sa alamat ng Montaña ang mga sumusunod: (1) bago pumunta sa dagat para mangisda ay kailangan munang gumawa ng isang ritwal upang makahuli ng maraming isda; (2) kapag pumapalaot kailangang gawin ang “sign of the cross” upang gabayan ng Panginoon sa pangingisda; at (3) magpaalam sa dagat kapag nangingisda upang makakuha ng maraming isda.

Ang mga paniniwala na masasalamin sa alamat ng Awag ay: (1) kapag pumupunta sa kweba ay sinasabing “tabi po”; at (2) kapag may ililibing at nakalabas na ng bahay ang kabaong sa bahay ay kailangan na may babasaging pinggan, ang binasag na pinggan ay babaunin nito sa kanyang libingan. Ayon kay Bautista na sa pag-aaral nina Cabridas et. al. (2015) ang paniniwala ay kalipunan ng mga bagay o ideya, paniniwala at tradisyon na bitbit ng tao gamit ang kanyang isipan [5]. Ito ang mga kinagisnang turo o maaaring pansariling ideya na pinaniniwalaan ng mga tao na magpahanggang ngayon ay sinusunod ng mga Baclayanon. Ang mga paniniwalang masasalamin sa mga alamat ng Baclayon ay nagsisilbing gabay ng mga mamamayan sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay.

**Gawi**

Ang gawi ay karaniwang isinasaalang-alang kung ano ang nakagawiang ginagawa ng isang tao (Gilmore, 2020) [6]. Ito ang mga bagay o kilos na nakagawian o nakasanayan ng gawin ng tao sa kanyang pang-araw-araw na gawain. Tumukoy rin ito sa mga kaugalian na kaakibat ng kultura ng ato sa isang lipunan. Maaaring ito ay ang mga gawain na napatunayang epektibo. Bunga rin ito ng paulit ulit na paggawa ng isang bagay. Ang mga alamat ay kakikitaan ng iba’t ibang gawi ng mga Baclayanon na nananatiling buhay magpahanggang sa kasalukuyan.

| ALAMAT | GAWI |
|---|---|
| Ka Bida | • marunong tumanaw ng utang na loob<br>• isauli ang bagay na hiniram<br>• huwag angkinin ang mga bagay na hindi atin<br>• huwag magnakaw<br>• iniiwasan ang pagsisinungaling<br>• iniingatan ang bagay na hiniram<br>• sumunod sa mga tuntunin<br>• pagiging responsible<br>• nagpapahiram ng mga gamit |
| Kangkarmel | • pagtutulungan<br>• mabuting pakikitungo<br>• maingat<br>• pagbibigay-halaga sa bawat isa<br>• mapagkakatiwalaan<br>• hindi parating umaasa sa iba |
| Laya | • mabuting pakikipagkapwa<br>• ipaintindi ang mga bagay na hindi naiintindihan<br>• mabait<br>• marunong rumespeto<br>• mapagmasid at mapanuri<br>• marunong makinig sa nakatatanda |
| Montaña | • masipag<br>• matiyaga<br>• mabuting relasyon sa kapwa<br>• pagsusumikap para sa ikagaganda ng buhay<br>• gumising ng maaga |
| Awag | • mapagbigay sa mga nangangailangan kahit walang kapalit<br>• mapagkawanggawa<br>• maawain<br>• matulungin<br>• kagandahang-loob<br>• masipag<br>• mabuting pakikitungo sa kapwa |

Makikita sa talahanayan 3 ang mga gawi na napapaloob sa alamat. Sa alamat ng Ka Bida, ito ay binubuo ng siyam na gawi: (1) marunong tumanaw ng utang na loob; (2) isauli ang bagay na hiniram; (3) huwag angkinin ang mga bagay na hindi atin; (4) huwag magnakaw; (5) iniiwasan ang pagsisinungaling; (6) iniingatan ang bagay na hiniram; (7) sumunod sa mga tuntunin; (8) pagiging responsible; at (9) nagpapahiram ng mga gamit.

Ang mga gawi na napapaloob sa alamat ng Ang Kweba ng Kangkarmel ay ang mga sumusunod: (1) pagtutulungan; (2) mabuting pakikitungo; (3) maingat; (4) pagbibigay-halaga sa bawat isa; (5) mapagkakatiwalaan; at (6) hindi parating umaasa sa iba.

Mayroong anim na paniniwala ang napapaloob sa alamat ng Laya: (1) mabuting pakikipagkapwa; (2) ipaintindi ang mga bagay na hindi naiintindihan; (3) mabait; (4) marunong rumespeto; (5) mapagmasid at mapanuri; at (6) marunong makinig sa nakatatanda.

Sa alamat ng Montaña naman ito ay binubuo ng limang mga gawi: (1) masipag; (2) matiyaga; (3) mabuting relasyon sa kapwa; (4) pagsusumikap para sa ikagaganda ng buhay; at (5) gumising ng maaga.

Ang mga gawi na napapaloob sa alamat ng Awag ay ang mga sumusunod: (1) mapagbigay sa mga nangangailangan kahit walang kapalit; (2) mapagkawanggawa; (3) maawain; (4) matulungin; (5) kagandahang-loob; (6) masipag; at (7) mabuting pakikitungo sa kapwa. Ang mga alamat ng Baclayon ay nagpapahiwatig ng iba't ibang gawi. Ang gawi ay tumutukoy sa mga gawain o kaugalian ng isang nilalang o bagay, partikular na ng mga tao. Natutungkol ito sa mga nagiging asal o kaasalan at katangian ng isang indibidwal sa kaniyang kapwa, na siyang sanhi at batayan ng kilos na nagbubunga sa mga paniniwala, pananaw at maging nang pananampalataya ng mas marami pang bilang ng mga mamamayan (Abriol, 2001) [7]. Ibig sabihin ang mga nakasanayang gawi ng mga taga-Baclayon ay mababakas sa kanilang mga alamat. Ito ang kanilang naging gabay sa pakikibaka araw-araw upang magkaroon sila magandang pakikitungo sa kanilang kapwa.

## V. CONCLUSION AND RECOMMENDATIONS

Ang mga alamat ng Baclayon may naiwang bakas para sa mga Baclayanon na kanilang binibigyang-halaga, naging bahagi ng nakalipas na panahon at nagsisilbing gabay para sa kanilang pang-araw-araw na pakikipagsapalaran.

Ang pag-aaral na ito ay nagnanais na makatulong sa pamamagitan ng sumusunod na rekomendasyon: gawing bahagi ng pag-aaral ng panitikan ang mga alamat ng Baclayon upang muling mabuhay ang mga paniniwala at gawi ng mga taga-Baclayon na kapuri-puri at malaman ng ibang grupo ng mga Pilipino ang kultura ng mga Baclayanon; magsagawa ng katulad na pag-aaral na susuri sa iba pang nakatagong alamat sa iba't ibang lugar dito sa Bohol; magsagawa ng iba pang pagsusuri sa iba pang uri ng panitikan dito sa Bohol lalo na iyong malapit nang limutin ng bagong henerasyon; magkaroon ng katulad na pag-aaral gamit ang dimensyon sa pagpapahalaga mula sa DECS (DepEd) sa pagsusuri; at pagsumikapan ng bawat eskwelahan, kolehiyo at/o unibersidad na magkaroon ng kopya sa mga alamat.

## REFERENCES


[1] J.T. Bushnell, 2023. What is a theme in a literature? Retrieved on April 26, 2023 from https://liberalarts.oregonstate.edu/wlf/whattheme#:~:text=Athemeis%20a%20central,the%20characters%20pursue%20their%20goals.

[2] Boa, Franz (1987). Boasian Anthropology: Historical Particularism and Cultural Relativism. Retrieved on September 24, 2019 from http://anthrotheory.pbworks.com/w/page/29518607/Boasian%20Anthropology%3A%20Historical%20Particularism%20and%20Cultural%20Relativism#CulturalRelativism

[3] Reyes, Soledad. 2002. Kritisismo: mga teorya at antolohiya para sa epektibong pagtuturo ng panitikan. Manila: ANVIL Publishing Inc.

[4] Tao de Haas (2011). Belief. Retrieved on July 23, 2022 from https://www.aboutmybrain.com/blog/what-is-a-belief

[5] Gilmore, H. (2020). Defining Behavior: How to Appropriately Create an Operational Definition. Retrieved on March 18, 2023 from https://psychcentral.com/pro/child-therapist/2020/02/defining-behavior-how-to-appropriately-create-an-operational-definition

[6] Cabridas, Patrice et.al. 2015. Pagusuri ng mga alamat sa mga piling lugar sa siyudad ng Tagbilaran. Di-limbag na tesis. BISU MC, Tagbilaran City.

[7] Arrogante, J. et al. 2002. Pagbasa at pagsulat, antas tersyarya. Quezon City: Rex Printing Co., In

[8] Badayos, Paquito B. 2008. Metodolohiya sa pagtuturo at pagkatuto ng/sa Filipino: Mga teorya, simulain at istratehiya. Malabon City. Mutya Publishing House Inc.

[9] Belvez, P. et al. 2006. Panitikan ng lahip pangkolehiyo. Metro Manila: Rex Book store Inc.

[10] Bernales, Rolando A. at Patrocinio V. Villafuerte. 2008. Pagtuturo ng/sa Filipino: mga teorya at praktika. Valenzuela City: Mutya Publishing House Inc.

[11] Cabanlong, Arceli S. 2002. Ang epikong Parrang Sabil: Isang pagsasalin at balyu analisis. Di-limbag na disertasyon. Ateneo de Zamboanga University.

[12] Dadis, Jacqueline J. 2003. Pagsusuri sa apat na piling nobelang Filipino: Isang mungkahing gabay ng pagtuturo. Di-limbag na disertasyon. University of Bohol, Tagbilaran City.

[13] Garcia, Teresita P., et al. 2008. Mabisang pagbasa at pagsulat tungo sa pananaliksik. Malabon City: Mutya Publishing House Inc.

[14] Gonzales, Lydia F., Ludivina C. Marin at Ligaya T. Rubin. 1982. Panitikan sa Pilipino. Quezon City: Rex Printing Company Inc.

[15] Lalic, Erlinda D. at Avelina J. Matic. 2004. Ang Ating panitikang Filipino. Bulacan: Trinitas Publishing, Inc.

[16] Mata, Rolieta N. at Roselyn T. Rufino. Foklor ng ilang baranggay ng lungsod ng Ozamiz: Isang panimulang paglilikom. Andergradweyt tesis : College of Atrs and Sciences.

[17] Nicasio, Paz N. at Federico B. Sebastian. 1995. Sariling panitikan (Pahapyaw na kasaysayan). Quezon City: Rex Printing Company, Inc.